OPISINA NG MGA PAGDINIG NA PAMPANGASIWAAN
ESTADO NG CALIFORNIA
SANGAY NG NATATANGING EDUKASYON

Mga Madalas Itanong o Frequently Asked Questions (FAQs) tungkol sa Pagsumite sa Elektronikong Paraan o Electronic Filing (E-Filing)

Ang Opisina ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan o Office of Administrative Hearings (OAH) ay naghihikayat sa mga partido na magsumite ng mga dokumento sa elektronikong paraan. Mangyaring sumangguni sa impormasyon sa ibaba para sa mga kasagutan sa mga madalas itanong tungkol sa pagsumite sa elektronikong paraan. Kung ikaw ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon, mangyaring makitungo sa Sangay ng Natatanging Edukasyon ng OAH sa (916) 263-0880 at humiling na makipag-usap sa isang tagapamahala sa kaso.

1. Ano ang electronic filing (e-filing) o pagsumite sa elektronikong paraan?

Ang elektronikong pagsumite ay isang paraan ng mga partido na maghain ng mga dokumento sa OAH sa elektronikong pamamaraan. partikular sa paraang email. Ang mga partido ay maaaring magsumite ng mga dokumento bilang isang kalakip ng email sa mailbox ng OAH's Special Education (SE) Filings (SEFilings@dgs.ca.gov) sa kahit anong oras.

2. Ano ang mga benepisyo sa pagsumite sa elektronikong paraan?

Ang elektronikong pagsumite ay isang opsyon ng serbisyo na madaling magagamit dahil maraming indibidwal ang walang agarang paraan sa isang fax machine.

3. Ano ang halaga upang lumahok sa elektronikong pagsumite?

Walang gastos upang lumahok sa elektronikong pagsumite dahil mayroong maraming mga pampublikong tagapagtustos ng email at tagapagpalit ng PDF file na makukuha sa pamamagitan ng Internet.

4. Ano ang mga bagay na kinakailangan upang lumahok sa serbisyong elektroniko?

Daan sa internet at isang tagapagtustos ng serbisyo sa email. (Kabilang sa mga halimbawa ng libreng mga tagapagtustos ng serbisyo sa email: Gmail, Yahoo! Mail, Hotmail, at GMX Mail.) Dahil ang mga dokumento ay kinakailangang maisumite nang nakailap at sa isang PDF na ayos, sumangguni ng isang tagapagpalit ng PDF file gaya ng mga libreng mga tagapagpalit sa online na makikita sa mga sumusunod na mga websites: www.freepdfconvert.com o www.pdfonline.com/convert-pdf. At saka, ang mga bersyon ng Microsoft Word 2007 at mas matanda nito ay may kakayahang maglipat sa PDF – mangyaring

sumangguni sa iyong panulatan ng software upang patunayan ang mga abilidad ng software. (Para sa mga karagdagang impormasyon na nauukol sa saligan ng pagsusumite, mangyaring sumangguni sa Mga Alintuntunin ng Elektronikong Pagsumite o Electronic Filing Guidelines.)

5. **Paano ako lumahok sa elektronikong pagsumite?**

   Maaring magsumite sa pamamagitan ng elektroniko ang sinumang mayroong isang dokumentong kasong-kaugnay sa hulugan ng sulat ng SE Filings (*SEFilings@dgs.ca.gov*), hangga't ito ay nakakatugon sa mga pangangailangan na nakalista sa Mga Alintuntunin ng Elektronikong Pagsumite o Electronic Filing Guidelines.

6. **Sapilitan baa ng elektronikong pagsumite?**

   Hindi, ang elektronikong pagsumite ay hindi sapilitan pero ang mga partido ay taasang hinihikayat na lumahok dahil sa mayroong maraming mga benepisyo ang pagpapadala ng mga dokumento sa kaso sa elektronikong paraan.

7. **Ano ang mga kinakailangan kapag nagsumite ng mga dokumento sa SEFilings@dgs.ca.gov?**

   - Ang linya ng paksa ng email, pangalan ng file at unang pahina ng dokumento ay kinakailangang isama: **1) OAH Numero ng Kaso** (maliban kung wala pang numero ng kaso na nakatalaga); **2) Pangalan ng Estudyante**, **3) Partidong Nagsumite,** at **4) Pangalan ng (mga) Dokumento** (mangyaring sumangguni sa Mga Alintuntunin ng Elektronikong Pagsumite o Electronic Filing Guidelines para sa karaniwang mga pangalan ng dokumento).
     - **Halimbawa:** 2012345678 Smith, Joe: Student's Motion for Stay Put
   - Dapat na isumite bilang isang nakalakip na PDF sa email.
   - Ang dokumento ay kinakailangang mayroong nanggagalaing mga numero ng pahina.
   - Lahat ng mga dokumento ay dapat samahan ng Patunay sa Serbisyo upang ipakita na ang (mga) dokumento ay naihain sa OAH at sa lahat ng iba pang mga partidong sangkot sa bagay.

8. **Dapat ko bang itukoy ang pagsumite sa kahit sino sa mga partikular kapag nagsumite ng mga dokumento sa SEFilings@dgs.ca.gov?**

   Hindi, kung ang dokumento ay may naaangkop na pamagat at kinabibilangan ng impormasyong kinakailangan ayon sa Mga Alintuntunin ng Elektronikong Pagsumite o Electronic Filing Guidelines, ang dokumento ay mapupunta sa naaangkop na mga tauhan ng OAH.

9. **Kinakailangan ko bang pangalanan ang aking PDF na dokumento sa isang partikular na paraan kapag nagsusumite ng mga dokumento sa SEFilings@dgs.ca.gov?**

Lahat ng mga nakalakip ay kinakailangang malinaw na may tatak ng mga sumusunod: **1) Numero ng OAH Case** (maliban kung wala pang naitalagang numero ng kaso); **2) Pangalan ng Estudyante**, **3) Partidong Nagsumite,** at **4) Pangalan ng (mga) Dokumento.** Mangyaring tingnan ang Mga Alintuntunin ng Elektronikong Pagsumite o Electronic Filing Guidelines para sa mga halimbawa ng pamagat ng dokumento.

10. Mayroon bang mga tiyak na oras kapag ang mga dokumento ay maaaring isumite sa OAH?

Ang mga dokumento ay maaaring isumite sa anumang oras; subalit ang mga dokumentong natanggap sa labas ng normal na oras ng opisina (8:00am-5:00pm Pacific Standard Time) ay ituturing na nasumite sa susunod na araw ng opisina.

11. Mayroon bang saklaw sa sukat ng mga dokumento na isusumite sa OAH?

Ang isang mensahe kabilang na ang mga nakalakip na mga dokumento ay kinakailangang hindi lumampas sa 50MB.

12. Kinakailangan ko bang sumulat ng anumang bagay sa katawan ng email kapag nagsusumite ng mga dokumento sa SEFilings@dgs.ca.gov?

Ang mga partido ay maaaring sumulat ng mga salita sa katawan ng email; subalit ang mga salitang ito ay hindi ituturing na bahagi ng pagsusumite. *Mangyaring huwag samahan ng anumang mga links ang email*. Kung ikaw ay mayroong isang katanungan o pag-alala nauukol sa isang pag-sumite, mangyaring sumangguni sa tagapamahala ng kaso sa 916-263-0880:

13. Maaari ba akong magpadala ng mga exhibits sa OAH sa elektroniking paraans?

Dahil sa malaking likas na katangian ng mga exhibits, kung galing lamang sa kautusan ng Hukom ng Pamamahala ng Batas na nakatalaga sa iyong pagdinig, na ang mga exhibits ay ipapadala sa elektronikong paraan.

Taliwas: Kung magsusumite ng mga deklarasyon at/o mga dokumentong sumusuporta nauukol sa isang mosyon maaari itong ipadala sa magkaparehong kalakip. Mangyaring tandaan na ang iba't ibang mga bagay ay kinakailangang kikilalanin sa unang pahina ng bawat kalakip.

14. Ano ang mangyayari kung ang isang pagsumiting ipapadala sa OAH ay hindi tumutugma sa mga pangangailangan ayon sa Mga Alintuntunin ng Elektronikong Pagsumite o Electronic Filing Guidelines?

Makikipag-ugnay ang mga tauhan ng OAH sa nagsumite upang ipagbigay-alam ang anumang mga isyu.

15. Makakatanggap ba ako ng mga dokumento sa kaso galing sa OAH sa pamamagitan ng email?

Ang OAH ay nagtatrabaho patungo sa kagandahang-loob na pag-aalok ng mga kopya ng mga dokumento sa kaso sa pamamagitan ng email. Mangyaring tingnan ulit sa ibang pagkakataon para sa mga pagbabago.